



**Pagsusuot ng Mask sa Paaralan**

Habang nagsisimula na tayong bumalik sa paaralan, lahat ng estudyante at nakatatanda, anuman ang katayuan kaugnay ng pagpapabakuna, ay kailangang magsuot ng mask o takip sa mukha na tumatakip sa ilong, bibig, at baba sa lahat ng panahon, maliban na lamang kung **umiinom, kumakain, nagsi-siyesta, o kung may medikal na dahilan para hindi ito gawin ng estudyante/kawani.**

## Kailangang Isang Pangkat Tayo para Makabalik sa Harap-harapan o In-person na Pag-aaral



Ituturo ng mga kawani ang kahalagahan ng pagprotekta sa inyong sarili at sa ibang tao




Makikipagkolaborasyon ang mga kawani at pamilya sa isa't isa kung nahihirapan ang mga estudyante sa mga dapat sundin sa pagsusuot ng mask/ pagdidistansiya

## Kung Nahihirapan ang Estudyante sa Pagsusuot ng Mask



Agad na makikipag-ugnay ang paaralan upang masuportahan ang kaligtasan ayon sa pahayag na nasa Community Pledge



Magkakasama tayong magtatrabaho para matukoy kung ano ang naisasagawa ng estudyante sa bahay, matukoy ang nagbubunsod ng reaksiyon o pattern, at maibahagi ang posibleng makatulong




Kailangang makabuo ng plano para masuportahan ang pagsusuot ng mask.

## Hindi Pagkakasali Dahil sa Medikal na Dahilan (Medical Exemption)



Kung naniniwala kayong dapat hindi kasama ang inyong anak sa utos na magsuot ng takip sa mukha sa paaralan, bigyan ang paaralan ng sulat mula sa doktor ng inyong anak na nagbibigay-pahintulot sa kanilang huwag magsuot ng takip sa mukha batay sa medikal na dahilan. Posibleng magsagawa ng karagdagang hakbang upang mapanatiling ligtas ang mga estudyante at kawani.

## Kapag Nagpatuloy ang Sitwasyon Matapos ang Tatlong Miting



Kapag pinili ng mga paaralan na hindi isama ang mga estudyanteng tumatanggi na magsuot ng mask, kailangang bumuo ang mga paaralang ito ng mga dapat sundin at ipatupad ang mga ito at nang matiyak ang pagsunod sa itinatakda sa pagma-mask. Bukod rito, kailangang maghandog ang mga paaralan ng alternatibong mga oportunidad sa pag-aaral para sa estudyanteng hindi maisasama. Hindi itinatakda sa mga paaralan na huwag isama ang estudyanteng tatangging magsuot ng mask.